

# ALAMIN BAGO KA PUMUNTA

## Ang KODIGO ng Kaligtasan sa Pamamangka

Bago ka mamangka sa ating mga dagat, lawa at ilog, alamin mo muna ang Kodigo ng New Zealand ukol sa Kaligtasan sa Pamamangka, maging anumang klase ng sasakyang pantubig ang gamit mo.

### 5 simpleng tuntunin para panatilihin kang ligtas:

- 1 Life jackets**  
*Dalhin ang mga ito – Isuot ang mga ito*  
Ang mga sasakyang pantubig, lalo na yung kulang sa 6m ang haba, ay lulubog nang napakabilis. Ang pagsusuot ng life jacket ay magpapahaba ng buhay mo habang nakalusong ka sa tubig.
- 2 Ang responsibilidad ng skipper**  
Ang skipper ay mananagot sa kaligtasan ng bawat pasahero at sa ligtas na pagpapatakbo ng kanyang sasakyang pantubig. Manatili lamang sa loob ng makakayanan ng iyong sasakyan at iyong karanasan.
- 3 Komunikasyon**  
Magbaon ng dalawang magkahiwalay na paraan o kagamitang pangkomunikasyon na hindi tatagusan ng tubig upang matulungan ka namin kung ikaw ay magkaproblema.
- 4 Ang lagay ng panahon sa dagat**  
Ang panahon sa New Zealand ay lubhang paiba-iba. Tingnan ang lokal na sinasabing lagay na panahon sa dagat bago ka magpunta at asahang kapwa magbabago ang lagay ng panahon at dagat.
- 5 Iwasan ang alak**  
Ang ligtas na pamamangka at alak ay hindi naghahalo. Mabilis magbago ang mga bagay habang nasa tubig. Dapat kang maging alisto at alerto sa kapaligiran.

Makukuha rin:

Ang KODIGO ng Kaligtasan sa Labas na Gawain

Ang KODIGO ng Kaligtasan sa Tubig

